## HALINA KAYO SA MGA

# GIRL GUIDES VICTORIA

May mahigit 110 na mga taon na, ang Girl Guides Victoria ay nagbibigay kakayahan sa mga batang edad na babae at mga kababaihan (girls and women) na magpalago ng kanilang mga kasanayan, tuklasin ang kanilang mga potensyal at maging mga pinuno. Bilang bahagi ng Girl Guides Australia at ng pandaigdigang kilusan, tayo ay nakakonekta sa mahigit 10 milyong mga batang babae sa kabuuang 150 na mga bansa, nagpapayaman sa ating mga programa at nagbabahagian ng mga karanasan na nagpapaalab sa puso at pakay.

### Ano Ang Ginagawa ng Girl Guides?

Ang aming mga programa ay nagbibigay kakayahan sa mga batang babae na pangasiwaan ang kanilang mga buhay, magtatag ng mga kasanayan sa pamumuno at makipag-ugnay sa kanilang mga komunidad. Sa aming mapagsuportang kapaligiran, ang mga batang babae ay hinihikayat na magsalita nang walang takot, maggalugad ng kanilang mga interes at magpalago ng kumpiyansa sa kanilang mga abilidad. Mula sa panglabas na pakikipagsapalaran at masayang mga aktibidad sa STEM hanggang sa pagtulong sa mga ibang tao at matututunan ang tungkol sa kanilang mga sarili, mayroong maibibigay na bagay mula sa Guides para sa bawa't isa.

### Sino ang Namamahala sa mga Girl Guides?

Ang mga Yunit ng Girl Guide at mga aktibidad nito ay pinapatakbo ng isang pangkat ng mga boluntaryo na ang tawag ay 'Guide Leaders'. Ang mga Guide Leader ay mapagkakatiwalaan at may-kasanayang mga pinuno na nagbibigay ng kanilang mga panahon bilang tagapagturo, maghamon at suportahan ang bawa't Girl Guide.

### Kailan Nagkikita-kita ang Mga Girl Guide?

Ang mga Yunit ng Girl Guide ay nagkikita-kita nang isang beses bawa't linggo sa mga araw ng lunes hanggang biyernes matapos ang eskwela pagsapit ng gabi sa panahon ng may pasok ang paaralan. Ang mga Guide ay makakapili ring sumali sa pag-camping, mga ikskursyon at mga aktibidad sa pakikipagsapalaran, pati na ang mga programa sa panahon ng bakasyon ng eskwela na nag-aalok ng masaya at pakikipagsapalaran sa mga iba't-ibang lokasyon sa kabuuan ng taon.

### Ano Ang Kasuotan ng Girl Guide?

Ang mga Guide ay kinakailangang magsuot ng Girl Guides Polo Shirt at kulay asul na mga pang-ibabang kasuotan, magsusuot ng sintas para idispley ang kanilang mga tsapa. May magagamit na mga pwedeng mayroon o wala na saklob sa ulo, mga lana at sombrero. Ang mga miyembro ay maaari ding magsuot ng mga bagay na praktikal at nauugma sa kultura, kagaya ng mahabang manggas na pang-itaas, mga pantalon, mga bandana kaalinsabay ng mga polo shirt.

### Sino Ang Makakasali sa Mga Girl Guide?

Ang mga batang edad na babae 5-17 taon ay makakalahok sa Girl Guide at makakasali sa Programa ng Guide. Ang bawa't lokal na Yunit ay may iba't-ibang mga grupo ng edad, kaya i-tsek sa Yunit ng inyong lugar para malaman ang mga edad na tinatanggap.

### Paano Ako Makakasali sa Mga Girl Guide?

Ang inyong anak ay makakasubok na sumali sa mga Guide nang hanggang sa tatlong pakikipagkita bago magpasya kung sasali. Para magsimula ng pagsubok, gamitin ang website para mahanap ang pinakamalapit na Guide sa inyo at humling ng isang Pagsubok. Matapos ang pagsubok, simpleng kumpletohin ang porma ng pagparehistro na nasa Member Portal at magbayad para maging isang Girl Guide at sumali sa kasayahan. I-scan ang QR code o bisitahin ang www.guidesvic.org.au para malaman ang karagdagan!